Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

3

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# MTB-MLE 3

## IKATLONG MARKAHAN-MODYUL 1

**Development & Editorial Team**

**Writer:**
Macario D. Pelecia,EPS Filipino SDO - Las Piñas City
Maria Lyn M. Mallen
Jever E. Sales
Crisalez R. Toledo
Lea May U. De Leon
Aura Eden C. Ilagan
Rona O. Sudayan
Abejane C. Rico

**Management Team:**
Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR
Joel Torrecampo, SDS SDO - Las Piñas City
Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR
Juan C. Obierna, ASDS-CID Chief SDO - Las Piñas City
Maricar D. Agao, Regional EPS, MTB-MLE-NCR
Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR
Macario D. Pelecia,EPS Filipino SDO - Las Piñas City
Jennifer L. Tubello, LR EPS SDO - Las Piñas City
Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR
Elaine Margarett Baguio, PDO SDO - Las Piñas City
Ana S. Monatnes, Librarian, SDO - Las Piñas City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
# Grade 3 MTB-MLE

| Aralin 1 | Nakasusulat ng mga reaksyon at mga pansariling opinion tungkol sa mga balita at mga isyu |
|---|---|

## Inaasahan



Sa katapusan ng modyul na ito:

-Nakasusulat ng mga reaksyon at mga pansariling opinyon tungkol sa mga balita at mga isyu

Sisikapin ng modyul na ito na matulungan kang higit na malinang ang iyong mga kasanayan sa pagpapaliwanag ng kahulugan o impormasyon sa batay sa pananda.

## Unang Pagsubok

**Panuto I**: Ibigay ang iyong reaksyon sa bawat sitwasyon. Lagyan ng tsek (✓)ang patlang ng tamang sagot.

1. Nakita ng nanay mo ang kalat sa bakuran habang ikaw ay naglalaro lamang.
   _____ Titingnan lamang ang mga kalat sa bakuran.
   _____ Agad na lilinisan ang mga kalat sa bakuran.



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

2. Bumababa na ang nagkakaroon ng kaso ng *Corona Virus* sa buong bansa.
   _____ Magsasaya ako at lalabas ng bahay.
   _____ Mag-iingat pa rin ako.
3. Marami ang nahihilig sa pagtatanim ng mga halaman ngayong pandemya.
   _____ Marami silang aanihing gulay.
   _____ Gagaya siya sa pagtatanim ng halaman.
4. Nalalapit na ang pasahan ng modyul ngunit hindi pa nagagawa ang nakatakdang gawain.
   _____ Hikayatin ang nanay na tulungan siyang matapos ang gawain
   _____ Ipasa na lamang na walang sagot.
5. Nagbigay ng gawain ang guro para sa susunod na aralin.
   _____ Huwag pansinin ang ibinigay na gawain.
   _____ Gawin nang maaga ang itinakdang gawain.

## Balik–tanaw

**Panuto:** Basahin ang pangungusap. Isulat sa patlang ang inyong opinyon tungkol dito.

Sitwasyon 1: Ang bawat isa ay pinagsusuot ng *face mask* at *face shield* kung lalabas ng tahanan.
Opinyon:
_______________________________________________

Sitwasyon 2: Marami ang nawalan ng trabaho dulot ng pandemya.
Opinyon:
_______________________________________________



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

## *Maikling Pagpapakilala ng Aralin*

**Panuto: Basahin at unawain**

Ang pagdiriwang noong nakaraang *Pasko* ay naiiba sa nakaugalian.




**Pag-unawa sa Binasa:**

Sagutin ang tanong sa usapan.

1.________________________________________

2.________________________________________

## *Gawain*

**I. Panuto:** Basahin ang balita sa ibaba at ibigay ang iyong reaksiyon at pansariling opinyon ukol dito.

| |
|---|
| Minamadali ng samahan ng mga alkalde ng buong Metro Manila ang pagbili ng *vaccine* laban sa *Corona Virus* upang lubusang masugpo ang nasabing *virus*. |

________________________________________

________________________________________



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

**II. Panuto:** Basahin ang balita sa ibaba at ibigay ang iyong reaksiyon at pansariling opinion ukol dito.

Ipinapanukala ng samahan ng mga negosyante na luwagan na ang Metro Manila upang manumbalik na ang sigla ng ekonomiya.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## *Tandaan*



*Ang pagsulat ng reaksyon at mga pansariling opinyon tungkol sa mga balita at mga isyu ay isang mahalagang kasanayang kailangang matutuhan at mapagyaman ng mga mag-aaral. Mahalaga ding malinang ang mag-aaral sa pagbasa nang may pag unawa upang makasulat ng makabuluhang reaksyon at opinyon.*



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

## *Pag-alam sa mga Natutuhan*

**Panuto:** Ano ang magiging reaksyon mo sa sumusunod na mga sitwasyon? Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Maagang natapos ni Romel ang kaniyang modyul at worksheet.
   A. Makakapaglaro na siya ng *video games.*
   *B.* Maari na siyang mag *advance lesson.*

2. Hindi malinaw ang larawan nasa pagsasanay.
   A. Mahihirapan sa pagsagot si Romel.
   B. Magtatanong sa guro sa pamamagitan ng *chat* o *text*.

3. Nagbigay ng panuto sa pagsasanay na kulayan ang larawan ngunit walang krayola.
   A. Makikiusap sa ate na pahiramin siya ng pangkulay.
   B. Pipilitin ang nanay na bumili ng pangkulay

4. Maiiwasan ang paglaganap ng *virus* kung ang lahat ay mag -iingat.
   A. Ipagsasawalang bahala ang mga patakaran.
   B. Susunod sa patakaran.

**Panuto II:** Basahin ang balita sa ibaba at ibigay ang iyong reaksiyon at pansariling opinion ukol dito.

> Mapapadali ang pagkatuto ng mga mag-aaral dahil sa DepEd TV sa pakikipagtulungan ng iba't ibang estasyon at mahuhusay na (broadcaster) tagapagbalita sa Metro Manila.



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

## *Pangwakas na Pagsusulit*

**Panuto :** Ano ang magiging reaksyon mo sa sumusunod na mga sitwasyon. Isulat ang letra ng tamang sagot.

1. Ipinanukala ng sector na magkaroon ng face to face sa pag-aaral sa ibang lugar.
   A. Matututo nang lubos ang mga mag-aaral.
   B. Marami ang mag aalinlangan pumasok sa paaralan.
2. Marami ang nahirapan dahil sa pagbabago ng panahon.
   A. Nahirapan sa paggamit ng internet ang mag-aaral
   B. Walang gadyet para sa *online class*.
3. Hindi nabigyan ng modyul para sa susunod na Linggo. Ano ang mararamdaman mo?
   A. Magagalit
   B. Makipag-ugnayan sa guro.
4. Binigyan ng pagkain galing sa lokal na pamahalaan.
   A. Magpapasalamat
   B. Magrereklamo dahil kaunti ang natanggap.
5. Tutulungan ka ng iyong kapatid sa proyekto sa iyong modyul.
   A. Ipaubaya ito lahat sa kapatid.
   B. Makipagtulungan sa kapatid upang matapos agad



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

## *Sanggunian*

Likha-Wika at Pagbasa 3
Most Essential Learning Competencies in MTB-MLE 3
Pilipino Star Ngayon
www.google.comhttps://clipartlook.com/img-158478.htmlSamut-samot.com



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

**Susi sa Pagwawasto**

Unang Pagsubok

(Tanggapin ang kaugnay na sagot)

Balik Tanaw

(Tanggapin ang kaugnay na sagot)

Maikling pagpapakilala ng mga aralin

(Tanggapin ang kaugnay na sagot)

Gawain

I.

1.b
2.b
3.a
4.b

II. (Malayang Pagsagot ng mga Mag-aaral)

III.(Malayang Pagsagot ng mga Mag-aaral)

Pag-alam sa mga natutuhan

I.

1.a
2.a
3.b
4.a
5.a

Pangwakas na pagsusulit

(Malayang Pagsagot ng mga Mag-aaral)



(This is a Government Property. Not For Sale)